**Nobyembre 1**

Maglagay ka ng bantay sa aking bibig, O PANGINOON. Ingatan mo ang pintuan ng aking mga labi. Awit 141:3.

ANG bilang ng mga bantay, o linya ng kasundaluhan na nagtatrabaho at nakatayo upang bantayan ang ating mga kilos at salita ay magiging mas kaunti kumpara sa linya ng kasundaluhan na nagbabantay sa ating mga isip, ating mga ideya, ito ay malakas. Dito tayo dapat mag-ingat nang husto. "Mula sa kasaganaan ng puso ang bibig ay nagsasalita. "Ang pangkalahatang katotohanang ito ay partikular nang ihinalintulad sa bagong nilikha, mga taong mas bukas sa kanilang mga paggawi at pananalita, kung itatapat sa iba. Dahil may tamang damdamin sa puso, mas mababaw ang kanilang pag-iingat may kaugnayan sa kanilang paraan ng pagsasalita kay sa nuong simula pa; subalit mas higit sa lahat, kailangan nilang alalahanin ang mga salita ng Apostol, "kung ang sinoman ay hindi magkakasala sa kaniyang mga labi, ang taong ito ay sakdal". Santiago 3:2. Z. '04-23

**Nobyembre 2**

Ang PANGINOON nga iyon; gawin niya ang inaakala niyang mabuti para sa kaniya. 1 Samuel 3:18.

HINDI natin alam kung ano ang mas makabubti sa atin.  May mga panahon na yaong mga bagay na ating minimithi nang labis at inaasam-asam na mapapasakamay dahil sa iniisip nating ito ay mabuti, ay maaaring ikapapahamak pa natin. Mapalad silang nakakayanang lumusot sa pamamagitan ng pananampalataya, sa karimlan ng bawat pagsubok at kahirapan at kalituhan, at nakauunawa na "Ang Panginoon ay nakakikilala kung sino ang mga kaniya". At na pinangyayari niya na ang bawat bagay ay sama samang gumagawa para sa kanilang ikabubuti. Z. '01-148

Maghintay tayong may pagtitiis sa Panginoon, at harapin nang may pagtitiis ang kaniyang mga karanasan na inilatag sa atin ng kaniyang kalooban, at hindi natin salungatin ang kaniyang karunungan, ang pag-ibig, ang kapangyarihan. Z. 01-317

**Nobyembre 3**

Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin upang huwag kayong magsipasok sa tukso: gusto ng espiritu, datapuwat mahina ang laman. Mateo 26:41.

ANG ilan ay nagkakamali nang sila ay nananalangin pero hindi nagbabantay; ang iba nama'y nagkakamali, dahil nagbabantay subalit hindi naman nananalangin, pero ang ligtas at natatanging tamang paraan ay yaong iniutos ng Panginoon, iyong pinagsama ang dalawa: ang pananalanign at pagbabantay. Kailangan nating magbantay laban sa mga panghihimasok ng sanglibutan, ng laman at ng demonyo. Subaybayan natin ang lahat ng mga pampatibay-loob ng salita ng Panginoon, ang mga ebidensiya ng katuparan nito, ang mga tanda na siya ay narito na at ang malaking pagbabago ng mga dispesasyon na malapit nang dumating. Magbantay tayo sa anomang magpapatibay sa ating pananampalataya at pag-asa at katapatan at pag-ibig. At habang nakasubaybay, tayo ay manalangin nang walang tigil. Manalangin tayo nang sabay-sabay bilang mga alagad ng Dios: manalangin tayo sa ating mga tahanan, bilang pamilya; manalangin tayo sa lihim, kapag tayo ay nag-iisa. Z. '01-80.

**Nobyembre 4**

Kundi hinubaran niya ang kaniyang sarili at kinuha ang anyong alipin. Filipos 2:7.

YAMANG walang tao ang maaaring maglingkod sa dalawang panginoon at paluguran silang pareho, at gagawin silang pareho ng katarungan, bagama't ang mga interes ng dalawang "panginoong" ito ay nagkakasalungatan sa parehong paraan, hindi na tayo makapaglilingkod sa Dios at katuwiran, at kasabay nuon ay maging kalugod-lugod at katanggap-tanggap rin tayo sa kaaway (Satanas) at sa mga kakampi niya na sa ngayon ay siyang namumuno sa kasalukuyang dispensasyon ng panahon, "ang prinsipe ng sanglibtubtan ito". Ang lahat ng mga tao ng Panginoon na nakapag-alay na sa kanilang sarili sa kaniya, yaong mga naglalagak ng kanilang kayamanan sa langit at nagiging mayaman para sa Dios, ay kinakailangang maging handa na hindi magkaroon ng karangalan sa gitna ng mga taong hindi nag-alay ng kanilang sarili, at yaong anoman ang kanilang propesyon ay talagang naglilingkod sa kayamanan (Mammon), nagiging makasarili sa kasalukuyang buhay na ito, at hindi nagsasakripisyo sa mga interes na ito para makamtan ang makalangit na kaharian. Z. '00-318

**Nobyembre 5**

At yamang may isang dakilang sacerdote na pangulo sa bahay ng Dios; tayo'y magsilapit na may tapat na puso sa lubos na pananampalataya. Hebreo 10:21, 22.

ALALAHANIN natin na siya na nagsimula ng mabuting gawa ay hindi nagbabago, at kung ang ating mga puso ay naaayon sa kaniya, kung ang ating pananampalataya ay malinaw pa at

matatag sa dakilang panpalubag-loob na kabayaran, kung ang ating pag-aalay ay buo at kumpleto, kung kaya't hindi natin hinahanap ang ating sariling mga kalooban kundi ang kaniyang kalooban ang magaganap sa ating mga gawain, kung gayon, maaaring mayroon tayong buong katiyakan ng pananampalataya, sapagkat alam natin na ang Dios ay hindi nagbabago, at yamang alam natin na tayo ay mga sakop pa at naniniwala pa sa kaniyang mga pangako, at kaayusan, alam natin na ang lahat ng kaniyang maibiging pag-aakay ay isinagawa pa rin para sa atin. Ito ay buong katiyakan ng pananampalataya - buong pananalig sa Panginoon. Z. '00-170

**Nobyembre 6**

Ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, alang-alang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. Roma 12:1.

ANG pagbibigay sa lahat nating pag-aari para sa paglilingkod Panginoon ay hindi lamang makatuwirang bagay, kundi isa itong alay na napakaliit lamang - at napaka -kaunti lamang kaysa anomang nais nating ibigay sa kaniya, na siyang nagpapakita ng ganuong kaawaan at grasya sa atin. At ganuon ang dapat nating saloobin kahit pa walang mga nakakabit na gantimpala sa nasabing pag-aalay ng ating mga sarili. Subalit dahil ang Dios ay naglakip ng malalaking gantimpala at pagpapala, dapat nating isipin na ang hindi pagtanggap ay hindi lamang nangangahulugan ng hindi pagpapahalaga, kundi nangangahulugan din ito ng kahinaan ng isip, kahinaan ng pagpapasya na siyang pagiging hindi kayang magtimbang-timbang o mag kumpara sa mga bagay na hindi mahalaga at mga kasayahang  lumilipas lamang sa ilang maiiksing taon, kumpara sa walang hanggang kagalakan at pagpapala at kaluwalhatian na may pagkakasundo sa Panginoon. Z. '00-170

**Nobyembre 7**

At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus. Apocalipsis 20:4.

BAGAMAT ang naturang pagpugot ng ulo ay isa lamang  paglalarawan (o simbolo lamang) at hindi literal, gayunpaman ito ay may malalilm na kahalagahan...sumisimbolo ito hindi lamang sa pagkamatay ng iyong sariling kalooban, kundi ang pagkaputol mo mula sa ibang mga ulo (Pangulo), pamahalaan at mambabatas, at ang iyong kinikilalang "pangulo" ay si Jesus lamang,

na siyang itinalaga ng Dios bilang pangulo ng Iglesia, ang kaniyang katawan...nangangahulugan ito, hindi lamang sa pagkaputol mo mula sa mga pangulo ng institusyon at kapangyarihan, kundi ang pagtigil na magkaroon ng mga ulo at kalooban sa ating mga sarili, at sa halip ay tanggapin natin ang pagkapangulo at ang kalooban ng ating Panginoong Jesus! Pareho ang kahulugan nito sa itinawag sa ating atensiyon ni Apostol Pablo sa Roma 6:3 kung saan idineklara niya na tayo ay binautismuhan (inilibing) sa katawan ni Cristo, bilang mga kasapi ng katawang iyon ilalim sa pagka-ulo ni Cristo, sa pamamagitan ng pagbautismo sa atin sa kaniyang kamatayan, isang buong pag-aalay ng ating mga kalooban, at sa katapus-tapusan, ang buong pag-aalay natin ng ating mga buhay sa katapatan tungo sa kamatayan. Z. '00-285.

**Nobyembre 8**

Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan. Exodo 20:7.

BAGAMAT ang utos na ito ay hindi ibinigay sa espirituwal na Isarael, nakikita natin kung paano ang espiritu nito ay nakararating sa atin...kinuha natin ang pangalan ni Cristo bilang ating pangalan. Tayo ay itinuring bilang mga kasapi ng katawan ni Cristo. Ang banal na pangalan ng Pangulo ay pag-aari ng lahat ng mga kasapi ng katawan. Ang marangal na pangalan ng asawang lalaki ay pag-aari ng kaniyang asawang babae. Ang puntong ito ay nagtuturo sa atin na maging maingat: --"Sisiguruhin ko na hindi ko gagamitin ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan, -- na pinahahalagahan ko ang karangalan, dignidad at responsibilidad ng aking posisyon bilang kinatawan niya at embahador sa mundo, na lalakad akong maingat, pagsisikapan hangga't maari na hindi madungisan ang kaniyang pangalan, bagkus igalang ito sa bawat isip, salita at gawa." Z. '04-73.

**Nobyembre 9**

Sapagkat ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagkat ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin. Galacia 5:17.

NARITO ang matindi at patuluyang paglalaban dahil bagamat ang bagong pagkatao ay nagpupumilit sa kaniyang sarili at ipinapa-ilalim ang katawan at pilit itong ipinapasakop sa bagong isip, gayunpaman ang mortal na katawan na hindi pa tunay na namamatay ay

patuluyang nakikipag-ugnayan sa mundo at kaaway at palagian nitong pinasisigla ang mortal na katawan at pinalalakas muli ng mga kaabalahan sa mundo, mga pagpapasakop sa bago nating kalooban. Walang Santo (banal) ang hindi nakararanas ng ganitong uri - mga paglalaban sa labas at sa loob ng katawan. Ang labanang ito ay hanggang sa wakas, sapagkat kung susuko tayo, ang dakilang gantimpala na pinaglalaban natin ay hindi natin makakamtan. Dahil kahit natalo na nang paulit-ulit ng bagong nilikha ang mortal na katawan sa pamamagitan ng biyaya at lakas ng Panginoon, gayunpaman ang labanan ay hindi matatapos hanggang kamatayan. Z. '03-424.

**Nobyembre 10**

Ang pag-ibig ay hindi nagagalak sa kalikuan,...kundi nagagalak sa katotohanan. 1 Corinto 13:6.

ANG mga prinsipyo ba tungkol sa tama o mali ay matibay na nakadikit sa ating isip, at ako ba ay sumasang-ayon ng buo sa tama at matindi ang pagsalungat sa mali kung kaya't hindi ko minumungkahi ito, kundi dapat itong isumpa, kahit pa ito ay magdadala sa akin ng pakinabang? Ako ba'y sumasang-ayon nang husto sa tama, sa katotohanan anopa't hindi ko mapigilan na magalak sa katotohanan at sa pag-unlad nito, kahit na guluhin nito ang ilan sa aking mga haka-hakang opinyon, o sa kawalan ng ilan sa aking mga makamundong kapakinabangan? Ang pag-ibig ng Dios na inilalarawan dito ni Aposto Pablo bilang espiritu ng mga tao ng Panginoon, ay ang pag-ibig na malayong-malayo kay sa pagiging maka-sarili, at nakabatay sa mga prisipyong hindi mababago, na dapat sa bawat araw na darating ay mas lalong mahahalata, at matibay na sinusunod ano mang kapalit na halaga. Z. '03-57.

**Nobyembre 11**

Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingang ay ang kaalaman. 2 Pedro 1:5.

ANG isa sa mga bagay na nahihirapan nang husto ang mga tao ng Panginoon ay ang hindi nila pag gawa ng sapat na positibong pagkilos, bagama't sila ay naka-handang lumakad sa tamang landas at nang sa ganun mapaglabanan ang pagsubok. Marami ang mga nagsasabi sa nanunubok, "nagpasya na ako na hindi bibigay sa oras na ito". Kapag ganito ang sinasabi nila, nag-iiwan sila sa sarili nilang mga isip ng isang bukas na pagkakataon kung kailan maaaring bumalik ang manunukso. Ang paraan ng Panginoon ang siyang akmang paraan: itaboy natin ang manunubok sa mismong unang pagkakataon na tayo ay tinukso at sa susunod pang walang

hanggang panahon. Manindigan tayong matibay na matibay, na kahit ang kalaban ay hindi na mag-iisip na may halaga pa ang kanilang pagbabalik para manubok kung tayo ay nasa ganuong pag-iisip; "Layuan mo ako, kaaway - ako ay sasamba at maglilingkod sa aking Dios lamang"? Z. '04-10.

**Nobyembre 12**

Huwag kang mag-alinlangan kundi sumampalataya. Juan 20:27.

IMPOSIBLE para sa atin ang paglapit sa Panginoon maliban kung isagawa natin ang paniniwala at pagtitiwala sa kaniya, sa kaniyang kabutihan, sa kaniyang kapangyarihan, sa kaniyang karunungan, at sa kaniyang pag-ibig...ang pananampalataya ay isang bagay na kailangang linangin, kailangang paunlarin. Ang mga Apostoles na sumigaw nang malakas dahil sa takot nang ang bagyo ay rumaragasa sa dagat ng Galilea ay sila ring mga Apostoles na unti-unting lumalakas ang pananampalataya hanggang sa, gaya ng ipinakikita ng ulat, nagawa na nilang magtiwala sa Panginoon bagamat hindi nila siya kasama at sa mga panahong hindi nila siya mahagilap. Sa parehong situwasyon, dapat maging bahagi ng araw-araw nating aralin ang paglinang ng ating tiwala sa Pannignoon, at isipin ang mga pinagdaanan natin sa nakalipas sa ating mga buhay at lahat ng mga aral na ito sa kaniyang salita, nang sa ganuon ang ating pananampalataya sa kaniya ay magkaugat at tumibay. Z. '04-89.

**Nobyembre 13**

talastas ng inyong Ama ang mga bagay na inyong kinakailangan. Mateo 6:8.

ANG ating mga kahilingan, ang ating mga hinihingi, ang ating mga pagtawag sa Panginoon, kung ganuon, ay kailangang para sa ikababanal ng puso, upang mapuno tayo sa Espiritu, para sa espirituwal na pagkain, kaginhawahan, lakas; at kung tungkol sa mga natural na bagay, alam niya ang daan na ating nilalakaran at kung ano ang nakabubuti sa atin bilang mga bagong nilalang. Siya na ang bahala sa atin: hindi siya natutuwa na nakikita tayong nangungulit sa kaniya sa mga bagay na hindi niya ibinigay sa atin, dahil sa pag gawa natin nito, hindi ito magsisilbing halimbawa ng pananampalataya sa kaniya kundi sa kabaligtaran - isa itong halimbawa ng pagdududa, isa itong pagpapakita ng takot na siya ay nakakalimot o nagpapabaya sa kaniyang pangako na ibigay sa atin ang mga bagay na kinakailangan natin. Z. '04-90.

**Nobyembre 14**

Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan,...sapagkat magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, hindi mangagpapatawad sa kawan; at magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo ang mga taong mgangagsasalita ng mga bagay na masasama, upang hatakin ang mga alagad para sumunod sa kanila. Gawa 20:28-30.

MAHALAGA para sa disiplina, pagsubok at huling pagtutuos para sa Iglesia ng Dios na sila ay ipailalim sa ganitong matinding impluwensiya; sapagkat sa kaniya na magtatagumpay ay ang ipinangakong dakilang gantimpala. Kung tayo ay maghaharing kasama ni Cristo, kailangan nating patunayan ang ating pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng parehong mga pagsubok ng katapatan sa Dios, ng pananampalataya sa kaniyang salita, ng sipag para sa katotohanan, ng matiising pagbabata sa mga paninira at pag-uusig, kahit na sa kamatayan, at sa di-natitinag na pagtitiwala sa kapangyarihan at layunin ng Dios na palayain at dakilain ang kaniyang Iglesia sa itinakdang panahon. Para sa mga taong tapat ay ang pinagpalang kaaliwan na matatagpuan sa Awit 91. Z. '04-74. 'R3331:3

**Nobyembre 15**

Ang nagsasabing siya'y nananahan sa kaniya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad niya. 1 Juan 2:6.

SIYA ay lalakad gaya ng paglalakad ng ating Panginoon, sa pangkalahatan niyang paggawi at kaugnayan sa lahat ng mga bagay na mabuti, at kaayon nito- ang pag-iwas sa anomang masama. Siya ay kailangang lumakad na halos katulad sa mga yapak ni Jesus hangga't maaari. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na siya ay kailangan o puwedeng lumakad na perpekto, hindi naman talaga niya ito magagawa sa kadahilanang hindi siya perpekto, hindi gaya ng kaniyang Panginoon na likas na perpekto, kahit nuong siya'y nag-anyong laman. Nangangahulugan lamang ito gaya ng sinasabi nito, na tayo ay kailangang lumakad gaya ng kaniyang paglalakad - sa parehong paraan, sa parehong direksiyon, tungo sa parehong paroroonan at pamantayan na kaniyang kinilala at itinatag. Z. '03-345. R3237:5

**Nobyembre 16**

Nagawa niya ang puede niyang gawin. Marcos. 14:8.

HINDI natin pribilehiyo sa ngayon na personal na makalapit sa ating mahal na manunubos, subalit pribilehiyo natin na pahiran ang mga "kapatid" ng Panginoon ng mabangong langis ng pag-ibig, simpatiya, kagalakan at kapayapaan, at habang ito ay naging higit na mahalaga dahil sa ating mga pagtatakwil sa sarili, lalo namang ito ay naging mahal sa paningin ng ating nakatatandang kapatid (Jesus), na nagpahayag na bilang katumbas, sa oras na ginagawa natin ito sa kaniyang mga kapatid, parang ginagawa na rin natin ito sa kaniya...ang mga alabastro nating kahon ay ang ating mga puso, na dapat ay mapuno ng pinaka-mabangong mga pabango ng mabuting nais, kabaitan at pag-ibig para sa lahat, subalit higit sa lahat para sa Cristo - para sa ulo, ang ating Panginoong Jesus, at para sa mga kasapi ng kaniyang katawan, ang Iglesia; at lalo na sa ating bahagi na maglingkod sa mga paang kasapi na kasama pa natin ngayon - para sa kanila kung kanino may pribilehiyo tayong maglingkod na magbuhos ng mabangong samyo ng pag-ibig at debosyon sa pangalan ng Panginoon, sapagkat tayo ay kaniya. Z. '99-78; Z. '00-378.

**Nobyembre 17**

Sapagkat siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad. Awit 91:1.

ANG ibig sabihin nito, ang Dios ay magbabangon ng ilang matapat na mga pastor at mga guro upang "magbantay sa inyong mga kaluluwa sapagkat sila ay magbibigay ng sulit, o sila ang mananagot pagdating ng panahon". Totoo, may babangon na mga huwad na mga guro, na ililihis ang mga salita ng Panginoon at magsisikap na wasakin ang inyong mga kaluluwa sa pamamagitan ng mga tusong sinungaling sa pangangatuwiran; subalit kung sa pamamagitan ng payak na puso ang mga anak ng Dios ay hihilingin ang "ganito ang sinasabi ng Panginoon" sa bawat elemeneto ng kanilang pananampalataya, at maingat na pinatutunayan o kinukumpara ang lahat ng mga bagay at  paniniwala sa salita (Biblia), kung ganuon, nagagawa nilang kilalanin ang tunay mula sa mali. At pagkatapos itong magawa, ang Apostol Pablo (sa Hebreo 13:17) ay nagpapayo sa atin na magtiwala. Ang Panginoon ang ating Pastol, ay mag-aalaga sa tunay na tupa. Z. '04-75.

**Nobyembre 18**

Ang anghel ng Panginoon ay nagka-kampo sa buong palibot ng nangatatakot sa kaniya, at inililigtas sila. Awit 34:7.

LUMALAKI ang kompiyansa ng isang Cristiano kapag namulat siya na bagama't ang mga may kapangyarihan sa lupa ay nananalangsang, at bagama't totoong wala siyang kapangyarihan na labanan ang mga kaaway, at bagama't may dagdag na mga kaaway na laman at dugo, napagtatanto niya na nakikipaglaban din siya sa esprituwal na kasamaan sa matataas na mga dako - laban kay Satanas at sa kaniyang mga masugid na tagasunod sa kalaliman - ngunit sa kabilang banda, "mas dakila siya na kakampi natin kaysa sa lahat na magiging kalaban natin", at ang lahat na mga hukbo sa langit ay nag-papasa-ilalim sa banal na kalooban at maaring gamitin para sa ikauunlad ng banal na gawain ayon sa banal na karunungan. Z. '97-120. R2140:6.

**Nobyembre 19**

Tayo ay manatiling handa at magpakatino. 1 Tesalonica 5:6.

MANATILI tayong handa sa paraang alamin nating maingat ang mga direksiyon na ibinigay sa atin ng Panginoon nating Dios may kinalaman sa kung ano ang paglilingkod na katanggap-tanggap sa kaniya. Bantayan natin ang ating mga sarili, pagsikapang lumakad na halos kapareho o malapit hangga't maaari sa mga yapak ng ating dakilang mataas na Sacerdote. Tayo ay maging mahinahon, sa puntong hindi tayo maging hangal; na bagama't tayo'y masaya, nagagalak sa Panginoon, hindi nababalisa gaya ng pagkabalisa ng ilan dahil sa hindi nila pagka-unawa sa mga katangian at plano ng ating Ama, gayunpaman, maaari tayong maging mahinahon at seryoso sa puntong marubdob nating pahalagahan ang kasalukuyang mga oportunidad at pribilehiyo may kaugnayan sa paglilingkod sa Panginoon;- hindi sa walang katuturang pagpapabaya at hahayaang dumaan lang sa ating mga palad ang mga oportunidad at pribilehiyo, na sa bandang huli ay pagsisisisihan rin natin. Z. '02-239. R3056: 5.

**Nobyembre 20**

Kung gawin ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo mahuhulog kailan man. 2 Pedro 1:10.

ANUMANG mangyari ay hindi sa perpektong pagsasagawa ng mga bagay na ito, at sa kabila ng pagiging matuwid ni Cristo sa pagtabon ng ating mga kasalanan at pagbabayad ng araw-araw nating mga pagkakamali; subalit kung bilang karagdagan sa ating pananampalataya sa pagiging matuwid ni Cristo na itinuring din niyang atin ay nilinang natin ang lahat ng mga biyayang ito sa abot ng ating makakaya, hindi tayo mabibigo. Pagkatapos nating magawa ang lahat ng kaya nating gawin, hindi pa rin tayo kapaki-pakinabang na mga alipin, walang lakas

ng loob na magtiwala sa sarili nating pagiging matuwid, kundi sa sapat na balabal na napasasa-atin sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, habang sa pamamagitan ng palagiang "kasipagan", ginagawa natin ang ating sariling kaligtasan na may takot at panginginig, dahil alam natin na ang pagiging matuwid ni Cristo ay ikinakapit lamang sa mga naghahangad na iwanan ang kasalanan at hanapin ang "kabanalan dahil kung wala ito, walang taong makakakita sa Dios". Z. '97-148. R2155:6.

**Nobyembre 21**

Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso. Santiago 1:2.

WALANG duda na ang lahat ay laging nangagarap na sana matagal nang natapos ang mga pagsubok at na tayo ay matagal nang natanggap sa lugar ng mga nagtatagumpay; ngunit ang pagtitiis at pananamapalataya at pagtitiwala ay gagawa muna ng pagkikinis ng ating mga puso, ginagawa tayong mahinahon, laging handa at masunurin sa Panginoon. Hayaang magpatuloy ang mabuting gawain na ito. Magalak tayo kung ang ating mga pagsubok ay nagdadala sa atin ng sari-saring aral na mapapakinabangan natin; na umaakay para gawin tayong mas malakas sa katangian, mas matatag sa katotohanan at katuwiran, mas nababatid natin ang ating sariling mga kahinaan, at mas nag-iingat tayo sa mga ito. Kahit ang mga tunggalian na nagreresulta ng bahagyang mga tagumpay ay maaaring magdulot sa atin ng pakinabang. Kahit sa mga punto na maaaring kumpleto ang ating pagkabigo, ang resulta ay maaaring nagpapatibay sa katangian, nagpapalinaw sa ating determinasyon para sa mas malaking pagsisikap sa ganuon ding direksiyon, at kababaang-loob sa harapan ng Dios sa panalangin. Z. '02-133. R3001:5.

**Nobyembre 22**

Sapagkat napuspos ako ng sikap sa iyong bahay. Awit 69:9.

ANG malamig at naghuhunos-diling mga tao ay maaaring may ibang mabubuting katangian, subalit walang puwang ang pagiging malamig o maligamgam sa bahagi ng mga taong minsan nang nakaranas na ang Dios ay mapagmahal. Sa mga ganuong tao, ang pag-ibig na nasimulan nuong una nilang tinanggap ang Panginoon ay naghatid sa kanila sa nagliliyab na sipag. Ganuon ang nangyari sa ating Panginoong Jesus, at ito ang isa sa mga rason kung bakit siya minahal ng kaniyang ama. Hayaang ang bawat isa na nagnanais na maging kalugod-lugod sa paningin ng Panginoon ay mapuno ng ganuon ding espirituwal na kasipagan para sa katuwiran

at katotohanan kung kaya't ito ay magpapaningas sa kanila bilang mga handog sa altar. Kung gayon sila ay magiging kalugod-lugod sa langit at katanggap-tanggap sa kaniya sa pamamagitan ni Jesus na ating Panginoon. Z. '98-112. R2289:3

**Nobyembre 23**

Sapagkat kayo'y nangangailangan ng pagtitiis (masayang magpapatuloy, pagiging palagian), upang kung inyon magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako. Hebreo 10:36.

NAKIKITA natin dito na ang pagsubok ay hindi lamang sa paggawa ng kalooban ng Dios, kundi pagkatapos nating marating ay ganung antas, ang antas o kalahayan ng katangian ng ating mga puso, sa ating mga kalooban (kung bahagya lamang sa laman, ay kinakailangan nating magtiis na magpatuloy, itatag ang matuwid na kalooban ng Dios bilang batas sa ating mga puso, bilang patakaran ng buhay sa lahat ng mga pangyayari at kalagayan. Saka pa lamang ang kalagayan ng ating puso ay magiging angkop para sa kaharian. Sinasabi ni Apostol Santiago, "ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis (matiising pagpapatuloy)", na ang ibig sabihin, kung ang ating pananampalataya ay nagtatagumpay sa pagsubok, uubra ito sa katangian ng pagiging "matiisin"--matiising nagpapatuloy. Siempre, sa kabilang banda, kung hindi natin naaabot ang pagpapatuloy na may pagtitiis, mangangahulugan ito na ang ating pananampalataya ay hindi nanaig nang matagumpay sa pagsubok at hindi tayo angkop para sa kaharian. Z. '01-117. R2792:1.

**Nobyembre 24**

Kaya't pinagsisikapan kong laging maging malinis ang aking budhi sa harap ng Dios at ng tao. Gawa 24:16.

KINAKAILANGAN na pangalagaan at ayusin natin ang ating mga konsiyensiya, gaya rin ng lahat ng mga bahagi ng ating makasalanang katawan. Kung kailangang ayusin ang ating mga konsiyensiya, dapat mayroon tayong ihandang mga batayan para gawing basehan at duon natin ito i-set sa pag-aayos nito. Ang konsiyensiya ay katulad rin ng relo na dapat markahan nang malinaw ang mga numero, guhit, at segundo nito, subalit ang pagiging tumpak o tama nito na magtuturo sa oras ay naka-depende sa "time keeper" kung ang mga pindutan o hintuturo nito ay palagi ba niyang isini-set sa bagong pinaka-pangunahing spring, ang bagong puso, ang

wagas na kalooban, na dinadala tungo sa buong pagsang-ayon sa batas ng pag-ibig gaya ng ipinakikita sa atin ng salita ng Dios. Z. '00-360. R2735:1

**Nobyembre 25**

Huwag sabihin ninoman na tinutukso siya ng Dios kapag siya'y dumaranas ng pagsubok, sapagkat ang Dios ay hindi maaaring matukso at hindi rin naman niya tinutukso ang kahit sino. Santiago 1:13.

MAYROONG kaibahan sa gitna ng mga pagsubok na itinuturing ng Ama na nararapat lamang at sa mga pagsubok na nagmumula sa kaaway. Ang mga pagsubok na nararapat ay panuntunan ng katuwiran, at para maging pagpapala at tulong sa mga taong nakatiis sa mga ito at nagpapakita ng kanilang katapatan sa katuwiran. Ang mga pagsubok ni Satanas sa kabaligtaran ay mga uri ng bitag o patibong sa kasamaan at pag gawa ng mali, mga pagsubok na pinagmumukhang mali ang tama, at pinagmumukhang tama ang mali, pinapalitan ng liwanag ang kadiliman at ng kadiliman ang liwanag. Sa ganitong paraan ng maling paglalarawan at pambibitag sa kasamaan, ang Dios ay hindi nanunubok o nanunukso sa tao. Z. '04-7. R3297:5.

**Nobyembre 26**

At sinabi ni Jehova kay Moises, ano ang nasa iyong kamay? Exodo 4:2 (American Standard Version).

KUNG ang sinoman ay gagamitin nang lubus-lubusan ng Panginoon sa kaniyang pinagpalang paglilingkod, hayaan muna siyang magsikap upang siya ay maging higit at higit na umakma sa atas na ito. Gayahin niya ang minamahal at iginagalang na alagad na si Moises, sa kaamuan, kapakumbabaan, kasiglahan, at walang kapagurang kasipagan at pagsa-sakripisyo sa sariling paglilingkod sa Panginoon. Ngunit ang matalinong tagapangasiwa ay masikap muna sa paglinang na kaniyang natural na abilidad, at huwag umasa sa Panginoon na gagawa ng himala para sa kaniyang pag-unlad, at sa ganuon sinayang lamang niya ang mahalagang oras sa pagsisikap na mapaunlad ang abilidad na hindi naman natural niyang taglay. Z. 94-143.
Ang bawat isa sa atin ay magsumikap sa pamamagitan ng kababaang-loob, sa pamamagitan ng kasipagan, sa pamamagitan ng pag-ibig sa Panginoon at sa kaniyang gawain, sa pamamagitan ng pananampalataya sa kaniyang kapangyarihan, na maging nasa ganuon kalagayan ng puso at isip na maghahada sa atin para magamit, at maging pakinabang sa bawat departamento ng banal na paglilingkod kung saan malugod tayong tawagin ng Panginoon. Z,'01-348. R2904:4

**Nobyembre 27**

Magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan. Efeso 6:18.

KAILANGAN nating magkaroon ng Espiritu ng panalangin sa lahat ng ating sinasabi at ginagawa: na ang ibig sabihin, ang ating puso ay laging humihingi sa Panginoon ng patnubay sa lahat nating ginagawa sa buhay, upang gawin natin nang buong lakas ang anomang gawa na masumpungan ng ating mga kamay, sa paraang magiging katanggap-tanggap sa kaniya, at upang tayo ay ingatan niya mula sa pagsubok na hindi na natin makakayanan, at sa bandang huli tayo ay mapapalaya mula sa kaniya na masama (Satanas) at magkaroon ng dako sa kaharian ng Panginoon. Mga kapatid na lalaki at babae, alalahanin natin nang higit  at higit pa at isagawa ang mga salitang ito ng ating Panginoon, "magbantay at manalangin, upang hindi kayo mapasok sa tukso". Z. '01-80. R2775:5

**Nobyembre 28**

Pagka siya'y nagbibigay ng katahimikan, sino nagang makagagawa ng gulo? Job 34:29.

"SINO kundi siya, ang "Dios ng lahat kaaliwan", ang nakakapagpatahimik sa gitna ng rumaragasang ingay at kaguluhan na bumago sa kaluluwa gaya ng biglang pagdating ng mga bagyo sa dagat? Gaya ng mga marinero sa dagat na nasa panganib, tayo ay tumatawag sa kaniya, at dinadala niya tayo sa pinapangarap na langit - pinagpalang langit - ng katahimikan at kapayapaan kasama ng Dios. Ano ang panawagan na nagdadala nitong kasagutan ng kapayapaan? Hindi ito isang panalangin na ang lahat ng panahon ng kaligaligan ay kailangang maalis, sapagkat hindi ito ang palaging banal na kalooban na magdala ng kapayapaan sa espiritu ng tao sa ganuong paraan; hindi ito ang laging pinaka-mainam na paraan. Ngunit mayroong isang panawagan na hinding-hindi mabibigo sa pagdadala ng katahimikan kung kailang walang isang tayo ay "makagagawa ng kaguluhan". Ito ay panalangin para sa matamis , may pagtitiwala at maibiging pagsang-ayon sa kalooban ng Dios. Z. '96-259. R2058:3

**Nobyembre 29**

Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pananamplataya na hindi natitinag, sapgkat tapat siyang nangako. Hebreo 10:23.

ANG pangako ng Dios ay siyang pundasyon kung saan nailatag ang lahat nating pangarap, ito man ay sa katangian o darating na kaluwalhatian. Pahalagahan natin ang katotohanang ito upang hind natin ito ikompromiso sa anomang paraan o anomang antas; hindi lamang natin panghawakan ang katotohanan sa letra kundi sa espiritu; sa pag-ibig nito, sapagkat ito ay totoo, at ito rin ay maganda at dakila. At lagi nating tandaan ang kahalagahan ng pagpapatuloy na may pagtitiis, nang hindi lamang nalilinang natin ang Cristianong katangian at gawi nito, kundi tanggappin nating may kagalakan ang mga pagsubok, pag-uusing o kahirapan na nakikita ng Diso na nararapat niyang pahintulutang dumating sa atin para tayo masubukan at para sa ikauunlad ng katangiang ito na siyang ipinaliliwanang niya sa atin bilang malaking halaga, na kung ito, ang sakdal na pag-ibig ay hindi mararating o mapananatili. Z. '01-119. R2793:3

**Nobyembre 30**

Narito, ako'y kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon. Mateo 28:20.

TIYAK na siyang maingat na namamahala sa gawaing paghahasik ay hindi masasabing kakaunti lamang ang interes at pagiging maingat may kinalaman sa pag-aani. Kung ganuon, sunggaban at gamitin natin ang karit ng katotothanan na may lakas at tapang, tandaan natin na pinaglilingkuran natin ang Panginoong Cristo, tandaan natin na hindi tayo ang resposanble sa pag-aani kundi ginagamit lamang ang ating lakas sa pagtipon sa mga hinog na "trigo" na matatagpuan natin. Kung ang trabaho ay malaki para hanapin ang iilang butil ng hinog na trigo, dapat tayong magsaya lalo na sa mga butil na ating matatagpuan, at matuto tayong magmahal at magpahalaga sa kung ano ang bihirang makita at mahalaga. Alalahanin din natin habang ginagamit ang lahat ng kaalaman na kaya natin sa paglilingkod na ito, na ang layuninn ng Panginoon sa pagbibigay sa atin ng bahagi sa kaniyang gawain ay hindi ang higit pa kaysa kaya nating gampanan, hindi gaya o hindi katumbas ng pagpapala na idudulot sa atin ng ating pagta-trabaho. Z. '01-155. R2811:4